

Pangalan: Zubair M. Alangadi
Paksa ng Khutbah: “Ang Katotohanan ng Mundo”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”
(Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, may isang lalaki na nagtrabaho sa ibang bansa at nang siya ay nakaipon ng maraming pera ay naisipan niyang bumalik sa kanilang bayan upang makapag-asawa makapagpatayo ng bahay, at makapagnegosyo. Siya ay sumakay sa eroplano at habang sila ay nasa himpapawid, ay nag-anunsiyo ng emergency landing ang piloto sa dahilang nagkaroon ng problema ang makina ng eroplano. Sila ay naglanding sa isang maliit na bayan sa gitna ng disyerto. Nagsabi ang piloto na sila ay mananatili roon nang dalawang araw lamang. Kaya ang ginawa ng lalaki ay naghanap ng panandaliang matutuluyan. Siya ay nakatagpo ng isang hotel subalit ito ay hindi kaaya-aya sa kanyang paningin, kaya’t siya ay nagpatawag ng mga karpintero upang ayusin ang kanyang kuwarto. Pagkatapos nilang maisaayos at mapaganda ang kanyang kuwarto, siya ay nagpatawag ng mga tao upang pakainin. Habang sila ay kumakain, ang piloto ay nagsabi na oras na upang sila ay umalis.

Mga kapatid, anong masasabi natin hinggil sa lalaking ito? Ang hotel na kanyang tinuluyan ay maihahalintulad sa Mundo na ito na pansamantala lamang. Hindi natin dapat pag-aksayahan ng mga oras ang pagpapaganda sa pansamantalang tirahan na ito sapagkat may mas mahalaga tayong

patutunguhan na kung saan tayo mananatili magpakailanman—ang tirahan sa Paraiso. Ang kwento hinggil sa lalaking iyon ay nagsisilbing isang napakahalagang paalala para sa ating lahat.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"كُنْ فِي الدُّنْيَا كَأَنَّكَ غَرِيبٌ، أَوْ عَابِرُ سَبِيلٍ." (رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ)

"Gawin mo ang iyong sarili sa Mundong ito na para bang isang estranghero o isang manlalakbay lamang." (Inulat ni Al-Bukhari)

Ang buhay natin sa Mundong ito ay maihahalintulad sa panandaliang paglalakbay, na isang maikling pananatili sa disyerto habang patungo tayo sa tunay nating destinasyon, ang Kabilang-Buhay. Ngunit, marami sa atin ang nakakalimot sa layunin ng ating paglalakbay at ginugugol ang lahat ng kanilang oras, yaman, at lakas upang pagandahin lamang ang pansamantalang lugar na ito. Sa huli’y biglang darating ang oras upang ito ay kanilang lisanin, at wala silang madadala alinman sa kanilang mga ipinundar na mga ari-arian. Kaya’t ating pagnilayan ang mensahe ng kwento, na huwag tayong maging abala sa mga bagay na pansamantala lamang. Paalalahanan natin ang ating mga sarili na ang tunay na yaman ay ang mga mabubuting gawa na ating inihahanda para sa Araw ng Paghuhukom.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"لَوْ كَانَتِ الدُّنْيَا تَعْدِلُ عِنْدَ اللَّهِ جَنَاحَ بَعُوضَةٍ مَا سَقَى كَافِرًا مِنْهَا شَرْبَةَ مَاءٍ." (أَخْرَجَهُ التِّرْمِذِيُّ)

"Kung ang Mundo sa Paningin ni Allah ay katumbas ng isang pakpak ng lamok, ang isang hindi mananampalataya ay hindi mabibigyan ng kahit isang higop ng tubig." (Inulat ni At-Tirmidhi)

Mga kapatid, ang Mundong ito ay napakaliit sa Paningin ni Allah. At ang buhay sa napakaliit na Mundong ito ay napakaiksi lang kaya’t huwag nating sayangin ang maikling oras na mayroon tayo. Kung ang Mundo, na madalas nating pinagkakaabalahan at pinahahalagahan nang higit sa lahat, ay hindi katumbas ng isang pakpak ng lamok, ano pa kaya ang halaga ng ating mga makamundong ambisyon at materyal na bagay? Ang Mundo at lahat ng nasa loob nito ay walang halaga kay Allah kung ihahambing sa Kanyang walang hanggang biyaya at awa. Ang pakpak ng lamok, na halos walang bigat o silbi, ay isang paghahambing upang ipakita kung gaano kababa ang Mundo sa

Paningin ng ating Tagapaglikha. Kaya't hindi natin dapat gawing layunin ng ating buhay ang kayamanan, kasikatan, o kapangyarihan.

Pag-isipan natin ito mga kapatid: Kung mayroon akong dalawang sasakyan na iniaalok sa iyo – isang pula at isang itim. Ako ang gumawa ng mga sasakyang ito, kaya tiyak na alam ko ang kalidad ng bawat isa rito. Kapag tinanong mo ako kung alin sa dalawang ito ang mas mainam, at sinabi ko sa iyo na piliin mo ang kulay pula sapagkat ito ay mas matibay at maaasahan kaysa sa kulay itim na maganda nga sa paningin ngunit madali namang masira, nararapat lamang sa iyo na sundin ang aking payo. Ngunit ano ang pipiliin mo? Sa kabila ng aking rekomendasyon, mas pinili mo ang kulay itim na sasakyan.

Mga kapatid, ganito rin ang ating kalagayan pagdating sa ating mga desisyon sa buhay. Sinabi na sa atin ng ating Tagapaglikha kung ano ang pinakamainam para sa atin—ito ang Kabilang-Buhay. Ngunit marami sa atin, ang gusto ay ‘yung may expiration, ‘yung pansamantala lamang. Sinabi sa atin ng mismong Nagmamay-ari ng Mundo, na ang pinakamainam sa atin ay ang Akhirah. Ngunit mas pinipili natin ang pansamantalang kagandahan ng Mundong ito. Bakit natin ito mas pinipili? Bakit nga ba? Sapagkat tayo ay nahuhumaling sa panandaliang aliw na hatid ng Mundong ito. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا بَيَانَهُ (19) كَلَّا بَلْ تُحِبُّونَ الْعَاجِلَةَ (20) وَتَذَرُونَ الْآخِرَةَ (21)﴾ القيامة: 19-21
“At ang lahat ng bagay ay Aming ipinaliwanag ng masusi. Ngunit kayo ay nahuhumaling sa panandaliang buhay sa Mundong ito, at kinaligtaan ang Kabilang-Buhay.” (Al-Qiyamah: 19-21)

Gustong-gusto natin ang Mundo at kinakalimutan natin ang Kabilang-Buhay, at kapag nagdudu’a tayo, ang madalas nating hinihiling: “Ya Allah, bigyan Mo ako ng maraming pera, malaking bahay, magarang sasakyan at magandang asawa.” – lahat ng makamundong bagay ay ating hinihiling. Mas pinipili natin ang Mundo at kinakalimutan ang Akhirah. Ngunit pinaalalahanan tayo ni Allah, Kanyang sinabi:

﴿اعْلَمُوا أَنَّمَا الْحَيَاةُ الدُّنْيَا لَعِبٌ وَلَهُمْ زِينَةٌ وَتَفَاخُرٌ بَيْنَكُمْ وَتَكَاثُرٌ فِي الْأَمْوَالِ وَالْأَوْلَادِ﴾ الحديد: 20
“Dapat ninyong malaman na ang buhay sa Mundong ito ay isa lamang laro, aliwan, palamuti, payabangan sa isa’t isa, at paligsahan sa pagpaparami ng yaman at mga anak.” (Al-Hadid: 20)

Ang Mundong ito ay lugar na pansamantala lamang, samantalang ang Akhirah ay walang hanggan at mas makabuluhan. Kaya bakit natin pipiliin ang panandaliang aliw ng Mundong ito kaysa sa walang hanggang kaligayahan sa Kabilang-Buhay? Katotohanan, itinuro sa atin ng ating Tagapaglikha kung ano ang mas mainam para sa atin—ang Akhirah, ngunit sadyang ang ilan sa mga tao ay mas nangingibabaw sa kanilang mga sarili ang Mundo at ang kinang nito.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Isang araw si Shaykh Ibn Hajar Al-Asqalani (rahimahullah) ay nakadamit ng maayos at nakasakay sa kanyang kabayo. Napadaan siya sa isang pulubing Hudyo na nakapulupot ang buhok at butas-butas ang kanyang damit. Tinawag niya ang Shaykh (na si Ibn Hajar) at nagtanong, “Hindi ba’t sinabi ni Propeta Muhammad na ang Mundo ay kulungan ng mga Mu’min (mga mananampalataya) at Paraiso ng mga hindi mananampalataya? Sumagot si Shaykh Ibn Hajar, “Oo”. Sinabi ng pulubi, “Tingnan mo nga ang sarili mo at ikumpara sa akin, ito ba ay Paraiso?” Sumagot si Shaykh Ibn Hajar, “Kung ikukumpara ang lahat ng nakikita mo sa akin sa ipinangako sa akin ni Allah sa Paraiso, ito ay aking kulungan, at iyang sitwasyon mo ay Paraiso sa iyo kung ikukumpara sa kaparusahan mo sa Impyerno.”

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"الدُّنْيَا سِجْنُ الْمُؤْمِنِ وَجَنَّةُ الْكَافِرِ." (رواه مسلم)

“Ang Mundo ay kulungan ng mga mananampalataya at Paraiso ng mga hindi mananampalataya.” (Inulat ni Muslim)

Ating tandaan na ang bawat hamon at pagsubok na ating nararanasan ay bahagi ng paghubog sa atin upang maging karapat-dapat sa Paraiso ni Allah.

Tulad ng isang alahero na sumusuri ng brilyante at mga gintong alahas o isang aplikante na dumadaan sa pagsusulit para sa trabaho, tayo'y sinusubukan ni Allah upang tiyakin ang ating pananampalataya.

Kaya't mga kapatid sa pananampalataya, ituon natin ang ating mga puso sa Akhirah. Ang Mundo ay pansamantala, ito'y isang daanan at hindi destinasyon. Manalangin tayo kay Allah na ibilang Niya tayo sa mga taong mas inuuna ang Kanyang Kaluguran kaysa sa Mundo. At hilingin natin sa Kanya na bigyan tayo ng lakas upang magtagumpay sa mga pagsubok sa Mundo at makamtan ang gantimpalang walang hanggan sa Paraiso.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعَلَّامِنَا وَمَشَائِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انصُرْ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوا عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.
